



San Leandro Unified School District

Malugod na pagdating sa San San Leandro Unified School District. Inaasahan namin kayo at ang inyong anak dito sa amin sa taong 2015-16.

Para simulan ang pagpalista, mangyaring bisitahin ang:

<https://abi.sanleandro.k12.ca.us/air/>

Magsisimula ang pagpalista sa Pebrero 23, 2015

Kung nabuo na ninyo ang pagpalista sa AERIES AIR, humingi ng appointment at dalhin ang kopya ng nilagdaang pormularyo sa Centralized Enrollment Center sa:

2255 Bancroft Ave. San Leandro, CA 94577
Telepono (510) 667-3503 FAX (510) 297-0508
Sa Pamamagitan ng Appointment LAMANG

Mga Kailangang Dokumento:

Tiyaking dalhin ang mga sumusunod na dokumento sa inyong appointment sa Centralized Enrollment Center upang tapusin ang pagpapalista ng inyong anak.

Katibayan ng Tirahan:

- **Magulang/tagapag-alaga** Dokumentong pagkakakilanlan (lisensiya sa pagmamaneho o pasaporte)
- **Katibayan ng tirahan: Dalawang (2)** kasalukuyang kuwenta/utang (telepono, Cable TV, PG&E, EBMUD, Basura, Ulat mula Bangko, Liham na Medikal o mula sa Pamahalaan
Isang (1) orihinal: Bayad sa Aamilyar, Katibayan ng Pagbili ng Bahay, Titulo ng Bahay, Pagsara ng Escrow o Kontrata sa Pag-upa
- **Kontrata kung may kabahagi sa bahay:** *Kung kayo ay kabahagi sa upa sa bahay ng ibang pamilya, ang katibayan ng pagtira ay nasa pangalan ng taong iyon at kailangan pa ng 2 piraso ng liham sa pangalan ng magulang. Bibigyan kayo ng 30 araw na pansamantalang pagpalista kung kalilipat lamang at hindi pa nakatanggap ng liham na nakapangalan sa inyo.*

Mga Dokumentong Ukol sa Kalusugan:

- **Listahan ng mga Bakuna** (para sa mga sumusunod na bakuna: Polio, DTP, Tigdas, Beke, Rubella (MMR), Varicella (Bulutong), at Hepatitis B) **Ang inyong anak ay DI makapagsisimulang mag-aral hangga't di maipakita ang mga dokumento sa LAHAT ng mga bakunang kailangan.**
- Kasalukuyang Dokumentong Pagsusuring Pangkatawan (para lang sa unang baytong na may petsang Marso 1, 2015)
- Dokumentong Pagsusuri sa Ngipin (unang taon sa paaralang pampubliko; kailangan sa lahat ng mga ag-aaral)
- Kopya ng mga Kaalaman Ukol sa Kalusugan

Mga Kailangang Kaalaman Ukol sa Mag-aaral

- Katibayan ng Kapanganakan o Pasaporte
- Report Card/Transcript galing sa dating paaralan (di kasali ang Kindergarten)
- Kabuuan ng mga Marka sa mga Pagsusulit na kinuha sa dating paaralan
- Kasalukuyang IEP (kung angkop)
- Kasalukuyang 504 plan (kung angkop)
- Dokumentong mula Korte ukol sa Kustodiya/Diborsyo (kung angkop)
- Restraining/Utos ng korte (kung angkop)
- Kasunduan sa ama-amahan o ina-inahan (kung angkop)

